
GRADE VI

# LIKAS NA YAMAN AY GAMITIN: BATAS AY DAPAT SUNDIN

## ALAMIN MO




Pag-aralan ang larawan.

- *Sino ang makikinabang kung ang mga babala ay susundin?*
- *Sino naman ang maapektuhan kung babalewalain ang mga kautusan?*
- *Sa pag-aaral ng modyul na ito, matutuhan mo na may mga batas tungkol sa*
- *paggamit ng likas na yaman*

Gusto mo ba itong malaman?

## PAGBALIK-ARALAN MO

Pagbalik-aralan mo muna ang matalinong pagpapasya sa paggamit ng likas na yaman ay may kinalaman sa pagtataguyod ng pagiging malaya ng estado.

Isulat ang T kung tama ang isinasaad ng pangungusap at M kung mali.

________1. Kailangang magsaliksik ng makabago at pinagbuting uri ng isda, butil at pananim upang madagdagan ang ani.

________2. Hindi dapat bungkalin ang lupa.

________3. Ang pagtatanim sa pagitan ng katutubong tanim ay nakapagpapataba rin ng lupa.

________4. Ang pagkasira ng kagubatan ay dahilan kung bakit nauubos ang mga hayop at ibon sa gubat.

________5. Ang pagkakaingin ay nakatutulong sa magsasaka at nakatutulong upang ang gubat ay di-masira.

________6. Ang pagtatayo ng pambansang parke sa kagubatan ay dagdag gastos lamang sa pamahalaan.

________7. Itapon ang mga nakuhang dumi at kemikal sa dagat.

________8. Ilagay ang mga basura sa kanal upang umagos sa ilog.

________9. Magtanim ng bagong puno sa bawat punong pinutol.

________10. Upang dumami ang mahuhuling isda, maglagay pa ng palaisdaan sa gitna ng lawa.





## PAG-ARALAN MO

Kakaiba naman ang mapapanood mo sa araw na ito. Panoorin mo naman ngayon ang sigaw ng mga likas na yaman. Basahin mo isa-isa ang kanilang mga sinasabi.

B – Bayan tayo'y gumising likas na yaman
ating sagipin.

A – Ang biyayang dulot na kaginhawahan
patuloy natin itong nararamdaman.

T – Tapusin na at ating wakasan pagsira
sa ating kapaligiran.


A – Ang mga batas ay dapat sundin
kalutasan ng problema'y kakamtin.

S – Sana tayo'y kumilos na para sa
bansang sinisinta.


Mabuhay! Bansang Pilipinas!
Mabuhay! Mga likas na yaman!


Bago ka magpatuloy, sagutin mo naman ito.


1. *Ano ang mensahe ng tula?*
2. *Anong batas ang dapat sundin ng tao?*
3. *Ano ang maaaring mangyari kung ang mga tao ay hindi susunod sa batas?*











Kami ang mga likas na yaman,
Lupa, dagat, mineral at kagubatan.

Kami man ay may buhay at pakiramdam,
Ngunit kami'y mawawala at kayo'y mauubusan.

Kaya ang payo namin, batas ay dapat pairalin
Mamamayan ay susunod, kapayapaan ang tatamuhin.

Sagutin mo ang sumusunod:

1. *Sino-sino ang mga likas na yaman?*
2. *Bakit sinasabing sila ay may buhay at pakiramdam? Totoo ba ito? Ipaliwanag mo.*
3. *Ano ang mangyayari kung ang batas ay paiiralin?*

Narito na ang mga Batas ng Kalikasan.

| | |
|---|---|
| ATAS NG PANGULO 1058 | Ang batas na ito ay nagpaparusa sa mga taong gumagamit ng dinamita, lason at pinong lambat sa pangingisda. |

| | |
|---|---|
| BATAS PAMBANSA 826 | Batas ito na nangangalaga, nagpapanatili at pumipigil sa paggamit ng mga parke, monumento, kagubatan at tirahan ng ibon at hayop. |

| | |
|---|---|
| ATAS NG PANGULO 296 | Ang batas na ito ay nagpapaalis ng mga bahay at mga nakatira sa bahagi ng mga ilog, sapa, estero dagat at mga kanal. Ito ay upang maiwasan ang baha at magamit ang mga anyong tubig na ito sa wastong paraan. |

| | |
|---|---|
| ATAS NG PANGULO 1281 at 463 | Ipinatutupad ng mga batas na ito ang pananaliksik sa pagtuklas ng mineral at pagsasaayos ng mga lupang minahan upang maging ligtas sa pagguho ng lupa. |

| | |
|---|---|
| KAUTUSANG PAMPANGASIWAAN 78 | Ipinagbabawal ng batas na ito ang pagputol at pagkuha ng narra at ibang matataas na uri ng kahoy sa lupang pribado at kagubatan ng walang pahintulot o lisensiya. |

- Basahin mo naman ngayon ang isang balita.

Illegal logging *heinous crime* na


Hiniling ni Pangulong Arroyo sa Kongreso na amyendahan ang kasalukuyang umiiral na batas para mapatawan ng mas mabigat na parusa ang illegal loggers at ang kanilang mga kakunsaba sa illegal na pamumutol ng kahoy sa bundok at gubat.

Sa hinihinging bagong batas, sinabi ng Pangulo na kailangang isali rin sa ipapataw na parusa ang mga opisyal ng gobyerno at mga tagapagpatupad ng batas na nagbibigay proteksyon o permiso sa walang pakundangang pamumutol ng kahoy sa kagubatan.

"I urge the Congress to amend existing environmental laws to promulgate stiffer penalties against illegal loggers ang their cohorts including erring government officials and law enforcers," pahayag ng Pangulo.

Tiniyak din ng Pangulo na hindi ito titigil hanggang hindi natutukoy kung sinu-sino ang responsable at dapat managot na naging sanhi ng malawakang baha at pagguho ng mga lupa sa mga lugar na apektado ng bagyong Unding, Winnie, Violeta at Yoyong.

Sa isang pahayag ng Pangulo sa National Disaster Coordinating Council nang muling bumisita siya dito kahapon, tinagurian niyang karanggo ng mga terorista, kidnapper at drug traffickers ang illegal loggers kaya't nararapat lang na patawan sila ng mabigat na parusa sa kanilang karumaldumal na krimen.



Ayon kay Press Secretary at Presidential Spokesman Ignacio Bunye, naniniwala ang Malacañang na hindi maisasakatuparan ang iligal na pamumutol ng kahoy sa mga kalbo nang gubat at bundok kung hindi nalalaman ito ng kinauukulang mga opisyal.

Sinabi pa ni Bunye na sinimulan na ni DENR Sec. Mike Defensor ang pagbabalasa sa Department of Environment and Natural Resources lalo na yaong may hurisdiksyon sa mga lugar na malubhang binaha at nagkaroon ng pagguho ng lupa na ikinasawi ng maraming tao.

Sagutin mo ang sumusunod: Isulat sa kwaderno ang iyong mga sagot.

1. *Bakit hiniling ni Pangulong Arroyo na amyendahan ang batas sa pagtotroso?*

2. *Ano-ano ang mangyayari kung hindi susunod ang mga mamamayan sa batas sa pagtotroso?*

Magaling!

Sagutin mo naman ang sumusunod:

1. *Anong suliranin ang binabalikat ngayon ng ating bansa?*

2. *Ano ang magiging epekto ng suliraning ito sa pamumuhay natin?*

3. *Anong paraan ang isinasagawa ng ating pamahalaan para matugunan ang suliraning ito ng bansa?*

Gawin mo naman ito.

Tukuyin mo ang mga batas pangkalikasan na ipinatutupad ng ating pamahalaan.

Subukin mong isulat ang mga batas na sa palagay mo ay sinusunod at ang nilalabag ng mga tao. Ipaliwanag mo ang dulot ng mga ito sa pamumuhay ng tao.

Gawin mong gabay ang tsart sa ibaba.

| A. Sinusunod na Batas/Babala | Dulot sa Pamumuhay ng Tao |
| --- | --- |
| | |
| B. Nilalabag na Batas/Babala | Dulot sa Pamumuhay ng Tao |
| | |

## PAGSANAYAN MO

Isulat ang <u>Tama</u> kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagsunod sa alituntunin o sa batas at <u>Mali</u> kung hindi.


1. Kahit sinong tao ay maaaring magsagawa ng pagmimina.
2. Dapat palitan ng bagong puno ang bawat punong pinutol.
3. Ang mga bato at dumi mula sa mga minahan ay maaaring itapon sa ilog at sa iba pang daluyan ng tubig.
4. Iwasan ang pagtapon ng basura sa ilog at dagat.
5. Ang proyektong "*total log ban*" ay dapat ipatupad.
6. Ang mga bulaklak sa parke ay puwedeng pitasin upang gawing palamuti sa bahay.

7. Kahit saang lugar ay puwedeng magtayo ng bahay upang matirahan ng iyong pamilya.

8. Magsaliksik nang makabago at pinabuting uri ng isda, butil at pananim upang madagdagan ang ani.

9. Kailangang isaayos ang mga lupang minahan upang maging ligtas sa pagguho ng lupa.


10. Pinahihintulutan ng pamahalaan ang paggamit ng dinamita sa panghuhuli ng isda upang kumita ng malaki ang mangingisda.



## TANDAAN MO

- *Nagpalabas ang pamahalaan ng mga batas at kautusan upang mapangalagaan ang mga likas na yaman.*

- *Laging sundin ang mga tuntunin o batas sa wastong paggamit ng pinagkukunang yaman.*



## ISAPUSO MO

**A.** Magtala ng mga batas o babala na nakikita mo sa inyong lugar, sa paaralan o sa pamayanan. Lagyan mo ng tsek (✓) ang hanay ng iyong sagot kung kailan mo ito sinusunod.

Gamitin mo ang tsart sa ibaba bilang iyong gabay.

| Mga Babala | Kailan Sinusunod | | |
|---|---|---|---|
| | Palagi | Bihira | Hindi |
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |
| 6. | | | |
| 7. | | | |
| 8. | | | |
| 9. | | | |
| 10. | | | |



**B.** Pag-aralan ang iyong mga sagot.
Ano ang masasabi mo sa iyong mga naging sagot?
Buuin mo ang sumusunod:

1. Natuklasan ko na ________________________________________
   ________________________________________________________.

2. Nakatutuwang matuklasan na ako pala ay ___________________
   ________________________________________________________
   ________________________________________________________.

3. Nakahihiyang aminin na___________________________________
   ________________________________________________________
   ________________________________________________________.



## GAWIN MO

A. Isulat ang tamang sagot sa tamang kahon na nasa ibaba ng pangungusap.

1. Pagkasira ng kapaligiran ay malulunasan, kung ang mga _______ ay susundin at paiiralin.

2. Ang batas 1058 ay ipinagbabawal ang maling paraan ng ____________________.

3. Ipinagbabawal ang pagtatayo ng _______ sa bahagi ng dagat, ilog at sapa.



4. May batas na ipinatutupad tungkol sa pagsasaayos ng lupang ____________ upang maging ligtas sa pagguho.

5. Ang Kautusang Pampangasiwaan 78 ay ipinagbabawal ang _________________ nang walang lisensya o permisyo.



**PAGTATAYA**

**A.** Lagyan ng bandila (⚐) kung ang pangungusap ay nagsasaad na ito ay tuntunin o batas na dapat sundin at ekis (x) kung hindi.

1. Gumamit ng pinong lambat sa paghuli ng isda.
2. Pagbabawal sa pagputol ng mga mura pang punongkahoy.
3. Pabayaan ang mga sasakyang nagbubuga ng itim na usok.
4. Magtapon ng basura sa baybay dagat ay ipinagbabawal.
5. Maaaring magtanim ng gulay/puno sa mga bakanteng lupa.


**B.** Basahin ang bawat pangungusap. Sabihin kung ang isinasaad nito ay <u>Tama</u> o <u>Mali</u>.

1. Ang pamumutol ng kahoy sa bundok nang walang pahintulot ay maituturing na isang krimen.
2. Ang mga yagit at damong tumutubo sa gubat ay sinusunog upang bumilis ang paglaki at paglago ng mga punongkahoy.
3. Ang pagkakaingin ay isa sa mga dahilan nang mabilis na pagkasira ng mga kagubatan.
4. Ang mga biglaang pagbaha ay isa sa masamang epekto ng pagkasira ng gubat.
5. Ang mga naninira ng kagubatan ay dapat parusahan.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

1. Gumawa ng patalastas o babala tungkol sa napag-aralan upang maibahagi ito sa mga tao sa pamayanan.

2. Itala ang mga lugar na dapat paglagyan ng babala at tukuyin ang babalang ipapaskil dito. Humingi ka ng tulong sa iyong pamilya o sa pinuno ng inyong pamayanan.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.